Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulacan
Bayan ng Marilao

**OFFICE OF THE SECRETARY TO THE SANGGUNIANG BAYAN**

# RESOLUTION NO. 2025-81

**Date of Session : July 28, 2025**

KAPASIYAHAN NA NAGBIBIGAY NG PAGKILALA AT PASASALAMAT SA **VITARICH CORPORATION** SA PAGBIBIGAY NG DONASYON SA PANAHON NG KALAMIDAD DULOT NG HABAGAT AT BAGYONG CRISING, DANTE, AT EMONG SA PAMAHALAANG BAYAN NG MARILAO, LALAWIGAN NG BULACAN

| | Receiving Office | Received By: (Print Name & Signature) | Date Received |
|---|---|---|---|
| 1 | Mayor's Office | | 9/3/25 |
| 2 | Vitarich Corporation | | 9/4/25 |
| 3 | | | |
| 4 | | | |
| 5 | | | |
| 6 | | | |
| | | | |

Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulacan
Bayan ng Marilao

**Tanggapan ng Kalihim ng Sangguniang Bayan**

**SIPI SA KATITIKAN NG PANGKARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG MARILAO, LALAWIGAN NG BULACAN, NA IDINAOS SA BULWAGANG PULUNGAN NG BAHAY PAMAHALAAN NOONG HULYO 28, 2025**

**MGA DUMALO:**

Kgg. Ariel P. Amador — Pangalawang Punong Bayan, Pinunong Tagapangulo

**MGA KASANGGUNI**

| | |
|---|---|
| Kgg. Maria Luisa I. Silvestre | Kgg. Mary Del Jasa-Aquino |
| Kgg. Juanito H. Santiago | Kgg. Vanessa Valdez-Seminiano |
| Kgg. Wilfredo D. Diaz | Kgg. Divina E. Reyes |
| Kgg. Harvey C. Mediante | Kgg. Jessalyn Mahilac-Dela Cruz |

**MGA EX-OFFICIO**

Kgg. Guillermo T. Paraoan Jr. (ABC President)
Kgg. Carlo Gabriel G. Solis (SK Presdient)

**KAPASIYAHAN BLG. 2025 – 81**

Itinaguyod ni: Kasangguni Vanessa Valdez-Seminiano

**KAPASIYAHAN NA NAGBIBIGAY PAGKILALA AT PASASALAMAT SA *VITARICH CORPORATION* SA PAGBIBIGAY NG DONASYON SA PANAHON NG KALAMIDAD NA DULOT NG HABAGAT AT BAGYONG CRISING, DANTE, AT EMONG SA PAMAHALAANG BAYAN NG MARILAO, LALAWIGAN NG BULACAN**

**SAPAGKAT,** nakaranas ng malalakas na ulan at malawakang pagbaha sa iba't ibang lugar sa Bayan ng Marilao sanhi ng habagat na dulot ng Bagyong Crising, Dante at Emong;

**SAPAGKAT,** maraming mamamayan ang napinsala at nangailangan ng pansamantalang tulong sa kasagsagan ng kalamidad;

**SAPAGKAT,** nagpaabot ng tulong ang Punong Bayan Atty. Jemina M. Sy sa bawat mamamayan, na kailangan nang mabilisang aksyon upang maihatid ang mga relief goods sa bawat tahanan at *evacuation center* ng mga nasalanta sa nasabing kalamidad;

**SAPAGKAT**, isa ang ***Vitarich Corporation*** sa mga nagbigay ng donasyon na nakatulong sa pamahalaan na mapabilis ang pagpaabot ng tulong sa mamamayan ng Marilao na nasalanta sa nasabing kalamidad;

Kung kaya't sa **MUNGKAHI** ni Kasangguni Vanessa Valdez-Seminiano, na pinangalawahan ni Kgg. Juanito H. Santiago, na sinang-ayunan ng lahat ng dumalong Kasangguni.

**IPINASIYA** gaya ng dito'y ginagawang pagpapasiya na pagtibayin ang KAPASIYAHAN NA NAGBIBIGAY PAGKILALA AT PASASALAMAT SA *VITARICH CORPORATION* SA PAGBIBIGAY NG DONASYON SA PANAHON NG KALAMIDAD NA DULOT NG HABAGAT AT BAGYONG CRISING, DANTE, AT EMONG SA PAMAHALAANG BAYAN NG MARILAO, LALAWIGAN NG BULACAN

**PANGKARANIWANG PULONG**
**KAPASIYAHAN BLG. 2025 – 81**

**IPINASIYA PA RIN** na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang lahat ng Pinuno o Tanggapan na may kinalaman dito.

**PINAGTIBAY NANG BUONG PAGKAKAISA,** ngayong ika-28 ng Hulyo, taong 2025.

Pinatutunayan ko na ang kapasiyahang ito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan.

**EDGAR P. RAMIREZ**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

**PINAGTIBAY:**

**ARIEL P. AMADOR**
Pangalawang Punong Bayan
Pinunong Tagapangulo

8-01-25